



STATE OF HAWAII
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Abiso sa mga Karapatan sa Ilalim ng
Protection of Pupil Rights Amendment (PPRA)**

Binibigyan ng pederal na PPRA ang mga magulang ng ilang partikular na karapatan hinggil sa aming pagsasagawa ng mga survey, koleksyon at paggamit ng impormasyon para sa mga layunin ng marketing, at ilang partikular na pisikal na pagsusuri. Kabilang sa mga ito ang karapatan sa:

Pahintulot bago kailanganin ang mga mag-aaral na magpasailalim sa isang survey na nauugnay sa isa o higit pa sa mga sumusunod na pinoprotektahang paksa ("survey ng pinoprotektahang impormasyon") kung pinopondohan ng isang programa ng U.S. Department of Education (ED) ang survey nang buo o bahagya-

1. Mga ugnayan o paniniwalang pulitikal ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral;
2. Mga problemang mental o psychological ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral;
3. Sekswal na asal o pananaw;
4. Iligal, anti-social, self-incriminating, o mapanghamak na asal;
5. Mapamintas na opinyon sa iba na may malapit na ugnayan sa pamilya ang mga respondent;
6. Mga may-pribilehiyong ugnayang kinikilala ng batas, gaya ng sa mga abogado, doktor, o ministro;
7. Mga kasanayan, ugnayan, o paniniwalang mag-aaral o magulang hinggil sa relihiyon; o
8. Kita, maliban sa hiniling ng batas upang tukuyin ang pagiging karapat-dapat sa programa.

Makatanggap ng abiso at isang pagkakataon na i-opt out ang isang mag-aaral sa-

1. Anumang iba pang survey ng pinoprotektahang impormasyon, anuman ang pagpopondo;
2. Anumang hindi pang-emergency na invasive na pisikal na pagsusuri o screening na kinakailangan bilang kundisyon ng attendance, na pinapangasiwaan ng paaralan o ng ahente nito at hindi kinakailangan upang protektahan ang agarang kalusugan at kaligtasan ng isang mag-aaral, maliban sa pandinig, paningin, o mga screening ng scoliosis, o anumang pisikal na pagsusuri o screening na pinapahintulutan o kinakailangan sa ilalim ng batas ng Estado; at
3. Mga aktibidad na may koleksyon, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyong nakuka sa mga mag-aaral para sa marketing o upang ibenta o kung hindi naman ay ipamahagi ang impormasyon sa iba.

Siyasatin, kapag hiniling at bago ang pagbigay o paggamit, ang -

1. Mga survey ng pinoprotektahang impormasyon ng mga mag-aaral;
2. Mga instrumentong ginagamit upang mangolekta ng personal na impormasyon mula sa mga mag-aaral para sa alinman sa mga layunin ng marketing, pagbenta, o iba pang pamamahagi sa itaas; at
3. Materyales na panturo na ginagamit bilang bahagi ng curriculum na pang-edukasyon.

Lumilipat ang mga karapatang ito mula sa mga magulang patungo sa isang mag-aaral na 18 taong gulang o isang emancipated na menor de edad sa ilalim ng batas ng Estado.

Aabisuhan ng Hawaii Department of Education (HIDOE) ang mga magulang ng mga mag-aaral na nakaiskedyul na lumahok sa mga tukoy na aktibidad o mga survey na may isa o higit pa sa mga pinoprotektahang paksang nakalista sa itaas at magbibigay ito ng pagkakataon para sa magulang na i-opt out ang kanyang anak sa pakikilahok sa tukoy na aktibidad o survey. Gagawin ng HIDOE ang pag-abisong ito sa mga magulang sa simula ng school year kung natukoy nito ang mga tukoy o tinatayang petsa ng mga aktibidad o survey sa panahong iyon. Para sa mga survey at aktibidad na nakaiskedyul pagkatapos magsimula ng school year, bibigyan ang mga magulang ng makatwirang pag-abiso tungkol sa mga nakaplanong aktibidad at mga survey na may isa o higit pang mga pinoprotektahang paksa at bibigyan sila ng pagkakataong i-opt out ang kanilang anak, pati na rin ng isang pagkakataong sumuri ng anumang mga naaangkop na survey. Ang sumusunod ay ang mga karaniwang katagorya ng mga aktibidad o survey na saklaw sa ilalim ng kinakailangang ito:

- Koleksyon, pagsiwalat, o paggamit ng personal na impormasyon para sa marketing, pagbenta o iba pang pamamahagi,
- Pagbibigay ng anumang survey ng pinoprotektahang impormasyon,
- Anumang hindi pang-emergency na invasive na pisikal na pagsusuri o screening gaya ng inilarawan sa itaas.

Ang mga magulang na naniniwalang nalabag ang kanilang mga karapatan ay maaaring maghain ng reklamo sa:

Family Policy Compliance Office
U.S. Department of Education
400 Maryland Avenue, SW
Washington, DC 20202-5901

Mababasa sa 14 na wikang hindi Ingles ang mga pagsasalin ng dokumentong ito.

Makikita ang mga pagsasalin online sa <http://ferpa.k12.hi.us>